

# KUNG NASURIANG POSITIBO ANG AKING ANAK PARA SA 19

**Nasuriang may COVID-19 at/o nagpositibo sa pagsusuri para sa SARS-CoV-2 ang aking anak. Kailangan bang magnegatibo sa pagsusuri ang aking anak bago bumalik sa paaralan o child care?**

- o **Hindi, hindi kailangang magnegatibo ang pagsusuri sa inyong anak bago bumalik sa paaralan.** Maaari siyang bumalik kapag ang LAHAT ng mga sumusunod ay totoo:



- Hindi bababa sa 10 araw ang lumipas simula ng mag-umpisa ang mga sintomas ng COVID-19, o petsa ng positibong pagsusuri kung walang sintomas
- Walang lagnat ang bata ng hindi bababa sa 24 na oras, nang walang tulong ng gamot AT
- Bumuti ang mga sintomas ng bata.

Maaaring maging positibo ang mga pagsusuri ng mahabang panahon pagkatapos na ang bata ay hindi na nakakahawa at **hindi inirekomenda ang pag-uulit ng pagsusuri.**

## MGA DEPINISYON:

- **Ang SARS-CoV-2 ay ang virus na nagdudulot ng COVID-19.**
- Ang Malapit na Pakikisalamuha ay nangangahulugang ang bata o estudyante ay nasa loob ng 6 na talampakan ng isang taong nagpositibo sa COVID-19 ng kabuuang 15 minuto o mas matagal pa, KAHIT NA parehong nagsusuot ng mask ang bata o estudyante at ang tao. Kabilang din ang mas maikling panahong umaabot sa 15 minuto sa parehong araw. Ang Malapit na Pakikisalamuha ay nangangahulugan din na ang bata o estudyante ay nagkaroon ng mas maikli ngunit malaking pagkahantad sa mga lumalabas mula sa respiratoryo ng taong positibo sa COVID-19. Halimbawa, umubo mismo ang taong may sakit sa bata o estudyante.
- Kabilang sa mga Sintomas ng COVID-19 lagnat/panginginig, ubo, pangangapos ng hininga o kahirapang huminga, pagod, pananakit ng kalamnan/katawan, panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng lalamunan, baradong ilong o tumutulung sipon, pagkaalibadbad o pagsusuka, at pagtatae.
- Ang isang Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan (Healthcare Provider) ay isang Doktor (Doctor), Nurse Practitioner, o Sertipikadong Katulong ng Doktor (Certified Physician Assistant).

